


# Cash incentives naghihintay sa top board passers at national, international awardees

Makatatanggap na ng *cash incentives* ang sinumang residente ng Camarines Norte na magiging *top board passers* sa alinmang *board licensure examinations* sa bansa pati na ang mga ginawaran ng *national* at *international awards*.

Kasunod ito ng pagkaaproba kamakailan sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 32-2014 na nag-amyenda sa Panlalawigang Ordinansa Blg. 07-2012 na nagtatakda sa paggawad ng pagkilala at pabuya sa mga kababayan nating *achievers*.

Bunsod ito nang kamakailan ay pagkakapasa ng 12 mag-aaral mula sa *Camarines Norte State College (CNSC)* na nakakuha pa ng mataas na pwesto partikular na si Ryan Diones na *4th placer* sa katatapos na *Electrical Engineering Licensure Board Examination* noong Oktubre 2014. Kabilang dito ang 2 *CNPGCEAP*

*(Sundan sa pahina 3)*


Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
# Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 5, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE, 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


## Nasa Loob


Brgy. Gubat ng Daet, Most Child Friendly Barangay ng 2014, Brgy V Hall of Fame na — p2
Quiz bee champ, inaasahang makakapasok sa nat'l. level — p2
RNB tumutugon sa panuntunan ng KBP — p2
PCSO nagbigay ng family emergency medicine kit — p3
Kalagayan ng mga health facilities at services pinag-uusapan ng Prov'l Local Health Board — p3
Reporma sa CNPH nagpapatuloy, magandang pasilidad at paguugali, dapat makita ng publiko — p4
Mga Piling Larawan — p5
Wala ng kumpitensya sa travel mart dahil sa triple c alliance — p6
Titulong 'Zigzag Capital of the Phil.' nais ng SP sa Cam. Norte — p6
Labo Progressive Multi-Purpose Coop at Olivar, wagi sa Regional Gawad Saka Award 2014 — p6
Fishery Week 2014 — p7
Elderly Filipino Week 2014
Sakripisyo ng ALS Mobile Teachers kinikilala — p7


# Secretary Alcala parating bibisita dito
## Agri-Pinoy Trading Center kanyang tututukan



***Ang tsekeng nagkakahalaga ng P 10,290,000.00 at P 7.3 milyon ay iniaabot ni Sec. Procy Alcala katuwang si DA Reg'l. Dir. Abelardo Bragas kay Gob. Edgardo A. Tallado, kasama si Acting Prov'l. Agriculturist Dr. Helen Abordo at Prov'l. Treasurer Lorna Coreses***

Sa ikalawang pagkakataon, si *Secretary* Proceso Alcala ng *Department of Agriculture (DA)* ay dumating dito sa Camarines Norte noong Oktubre 3 para sa kanyang muling pagbisita sa *Agri-Pinoy Trading Center (APTC).*

Nakipagtalakayan muli siya sa mga magsasaka at sa huli ay hinikayat na makiisa sa pagsusumikap niya at ni Gob. Edgardo A. Tallado

*(Sundan sa pahina 3)*

# Paghingi ng tawad ni Gob. Egay:
## positibong hakbang tungo sa paghilom



MARUBDOB ang ginawang paghingi ng tawad at pang-unawa ni Gob. Egay Tallado sa kanyang mga kababayan bunga ng mga pangyayari kasunod ng pag-alis ng kanyang kabiyak sa kanilang tahanan sanhi ng sigalot pampamilya.

Ginawa ng gobernador ang paghingi ng paumanhin sa harap ng mga kawani at opisyal ng pamahalaang panlalawigan na nagtipon sa bulwagan ng kapitolyo pagkatapos ng *flag raising ceremony* noong Lunes ng umaga, Oktubre 27, 2014. Narinig ito sa buong lalawigan sa pamamagitan ng Radyo ng Bayan.

"Ipagpapatuloy ko ang paglilingkod sa bayan at makakaasa kayo na hindi maaapektuhan ng personal na problema ang pagtupad ko sa mandatong ipinagkaloob ninyo sa akin," wika ng gobernador.

Kasabay nito'y hiniling din niya na tulungan

*(Sundan sa pahina 2)*

# Brgy. Gubat ng Daet, Most Child Friendly Barangay ng 2014, Brgy V Hall of Fame na



*Si Benedict Ella, isang outstanding youth leader, ay nagbibigay ng kanyang mensahe bilang panauhing tagapagsalita sa Child Friendly Movement Assembly noong Okt. 27 sa Little Theater, Provl. Capitol.*

Si Benedict Ella, isang CamNorteno at ngayon ay may mataas na katungkulan sa kasalukuyan sa kilalang *Nestle Philippines* ang panauhing pandangal sa pagdiriwang dito ng *2014 National Children's Month* simula Okt. 1-31 na nakatuon sa temang, "Bata, Kasali Ka; Ikaw ay Mahalaga".

Ang kanyang mensahe ay nagbigay-inspirasyon sa mga kabataan at mga *stakeholders* na dumalo sa *Child Friendly Movement Assembly* na pangwakas na palatuntunan ng 1-buwang selebrasyon dito na tinampukan din ng *Awarding Ceremony for the Child-Friendly Barangay*.

Sinabi ni G. Ella na alam niya ang kahalagahan ng mga ganitong gawain bilang isang dating *youth leader*. Hiniling din niya sa mga kabataang dumalo sa okasyon na mag-aral na mabuti na isang matibay na pundasyon para sa isang magandang kinabukasan.

Samantala, sa *awarding* ng *Search for Most Child Friendly Barangay* hinirang na *1st place* ang Barangay Gubat ng Daet; *2nd place*-Del Rosario Mercedes, 3rd place-Kabuluan, Sta. Elena; 4th place-Kanapawan, Labo, 5th place-Calintaan, Talisay at consolation prizes ang Mangkasay Paracale at Poblacion 1 Basud.

Ang Barangay V Daet ay binigyan ng Plaque of Commendation bilang Hall of Fame awardee dahil sa tatlong taong sunod-sunod nitong panalo bilang Most Child Friendly Barangay.


Binigyan din ng pagkilala ang *Provincial Winner* sa *Search* for Huwarang Pamilya *and Exemplary Child* ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps).

Kinilala din ng pamahalaang panlalawigan ang mga functional Local Council for the Protection of Children and Child Friendly Local Governance.

Tampok sa *CFM Assembly* ang *Presentation of Provincial State of Children's Report*, na binasa ni Provincial Administrator Joey Boma. Ito ay isang ulat na naglalaman ng kasalukuyang kalagayan ng mga kabataan at kababaihan dito sa Camarines Norte. Nakapaloob din dito ang mga inisyatibong ginawa at patuloy na ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan katulong ang iba't-ibang pambansang ahensya, mga pamahalaang lokal at ang *United Nations Children's Fund (UNICEF.*

Ang 1-buwang pagdiriwang ay hitik ng iba't-ibang gawain na sumisentro sa kapakanan ng kabataan at pagtutulungan ng pamalaang panlalawigan at mga ahensiya ng gobyerno. ***JING CALIMLIM/LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Quiz bee champ, inaasahang makakapasok sa nat'l. level



*RAISE YOUR ANSWER–* Ang 24 na 1st year college students na kalahok **sa** Philippine Statistics Quiz (PSQ) Provincial Championship noong Oktubre 10, 2014 na ginanap sa Provincial Library kung saan si Abigael T Mayores ng Mabini College ang nagwagi

Napanatili ng *Mabini Colleges (MC)* ang kampeonato sa katatapos na *Philippine Statistics Quiz (PSQ) Provincial Championship* sa pamamagitan ng kanilang kalahok na si Abigael T. Mayores. Dahil dito, si Mayores na ang awtomatikong kinatawan ng Camarines Norte sa *PSQ Regional Championship* sa Nob. 13 na gaganapin sa *National Economic Development Authority (NEDA) Regional Office V*, Legazpi *City*.

Kung papalaring manalo sa regional level contest, siya ay lalaban sa national level. Matatandaan na pitong (7) kinatawan na ng Camarines Norte ang nakasali sa *PSQ national competition* noong 2003 kung saan isa sa kanila ang nakakuha ng ikalawang puwesto sa *PSQ National Championship* na , si G. Joel Abiera na produkto pa rin ng *Mabini Colleges*.

Nagpakitang-gilas muli ang *Mabini Colleges* ngayong taon sapagkat halos hakutin nito ang panalo ngayong taon. Nakuha ng kanilang kinatawan na si Patricia Jean A. Fajilago ang ikalawang pwesto; Remelyn R. Camelon – ika-apat na pwesto, at Jayson A. Villaluna-ikalimang pwesto.

Dahil dito, inaasahan na mas pagbubutihin nina Mayores, Fajilago at Mariano ang kani-kanilang *performances* para maging kinatawan sa *PSQ National Championship* sa Metro Manila sa Disyembre 9, 2014.

Ang ikatlong pwesto ay naiuwi naman ni Maria Cybel A. Mariano ng *Camarines Norte Sate College (CNSC)* ngunit halos dumaan siya sa butas ng karayom, ika nga. Mahigpit niyang nakalaban dito si Camelon kung saan makailang ulit silang sumailalim sa *tie breaking questions* ngunit tila walang gustong magpatalo sa kanila kaya sa huli ay laging patas ang kanilang iskor.

Kasunod nito, ang puno ng inampalan na si *Museum Curator I* Abel C. Icatlo ay nagpanukala na mag-*toss coin* na lamang sina Mariano at Camelon na pinapahintulutan sa naturang sitwasyon alinsunod sa *contest rules and mechanics* ng *PSQ Provincial Championship*.

Sinang-ayunan naman ito ng magkabilang panig kung saan si Mariano nga ang idineklarang nanalo ng ikatlong pwesto. Dahil dito, makakasama niya sina Mayores at Fajilago sa *PSQ Regional Championship 2014* sa Legazpi City.

Taun-taong itinataguyod ng Pamahalaang Panlalawigan ang *PSQ Provincial Championship* bilang pakikiisa nito sa pagdiriwang ng *National Children's Month* at *National Statistics Month* tuwing buwan ng Oktubre. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/jac***

# reporma sa...

*(Mula sa pahina 4)*

pasilidad. Ang gamot ngayon andiyan sobra – sobra. Ngayon lang dito nagkaroon ng maraming *job order employees* na ngayon ay 150. Kaya ibig sabihin ay walang dahilan para hindi kayo makiisa sa administrayon ni Vice Governor Jonah Pimentel", ayon pa rin kay Gob. Tallado.

Matapos ang mensahe ng gobernador ay nag-*picture taking* ang mga taga ospital kasama sina Gob. Tallado, Vice Gov. Pimentel, Bokal Renee Herrera at Provl. Administrator Joey Boma. ***JING ARRIOLA CALIMLIM***

# Paghingi ng tawad ni Gob. Egay...

*(Mula sa pahina 1)*

siyang ilapit muli ang sarili sa Panginoon, at humingi ng dispensa sa mga taong nasangkot sa kontrobersya na dulot ng mga larawan na lumabas sa *internet*. Partikular na humingi siya ng tawad sa kanyang maybahay na ilang araw na naglaho at siyang naging mitsa ng kontrobersya.

Maaalala na biglang nawala si Gng. Josie Tallado noong unang linggo ng Oktubre. Pagkaraan ng ilang araw ay lumitaw ito sa isang himpilan ng radyo at telebisyon at isiniwalat na ang dahilan ng kanyang paglisan sa tahanan nila sa Labo, Camarines Norte - isang babae na isinasangkot sa kanyang esposo.

Kasunod ng panayam niya sa *media* ay ang pagsulpot naman ng mga nakakakumpromisong larawan ng isang babae kasama ang isang hawig sa gobernador.

Magkakaiba ang naging reaksyon ng mga mamamayan sa nangyaring kontrobersya, ngunit sa pangkalahatan ay pang-unawa ang namayani.

Sa isang liham pastoral, sinabi ni *Bishop* Gilbert Garcera na unawain at bigyan ng kapatawaran ang lahat ng sangkot sa pangyayari. Ayon sa obispo ng Diyosises ng Daet, walang puwang sa pusong Kristiyano ang paghuhusga. Ang mas makabubuti aniya ay tulungang makapagbagong-loob ang sinumang nagkakasala.

Samantala, sinisikap ni Gob. Tallado na muling mabuo ang kanyang pamilya. Batay sa mga bagong impormasyon ay nagkausap na ang mag-asawa at nasa landas na sila ng pagkakaunawaan. ***(RMVito/PIO-Media Liaison)***

# RNB tumutugon sa panuntunan ng KBP

Dumalo ang ilang mamamahayag ng Radyo ng Bayan (RNB) sa isang pagsasanay at tuloy kumuha ng eksaminasyon para maging akreditadong kasapi ng *media* sa ilalim ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP).

Isinagawa noong Oktubre 25, 2014 ang *KBP Accreditation Examination and License Renewal* sa Naga *City* na bukas para sa mga mamamahayag sa buong Rehiyong Bikol na wala pang akreditasyon. Ang mga taga-Radyo ng bayan ay pawang *KBP Accredited* na maliban na lamang sa tatlo.

Dumalo din si Station Manager Ivy C. Garcia para sa renewal ng kanyang KBP accreditation. Noong nakaraang taon ay nakapasa sa eksaminasyon at mga pawang accredited na ang mga taga RNB na sina Roden Rosario, Antonio Dongon, Jenice Osoy, Jessica Jerez, Rodel Paquita at

Hinikayat din ni Acting *Prov'l. Information Officer* Jing Arriola Calimlim na dumalo at kumuha ng eksaminasyon ang mga tagapamahayag ng mga pambansang ahensiya na may programa sa Radyo ng Bayan tulad ng *PNP, Philippine Army, SSS, PhilHealth, PDRRMO, PSWDO* at tumugon naman sila dito.

Bahagi pa rin ito ng isinusulong na propesyonalismo ng pamunuan ng Radyo ng Bayan sa ilalim ng pamamahala ni Calimlim, alinsunod sa direktiba ni Gob. Edgardo A. Tallado. ***Jessica Arriola- Jerez***

# PCSO nagbigay ng family emergency medicine kit



*Ang mga gamot mula sa PCSO sa pamamagitan ni Camarines Sur Branch Manager* Nelly B. Loyola, at PCSO Camarines Norte *Provincial District Officer* Estrella Abasolo na tinanggap ni Amy Lopez ng Office of the Governor

Tinanggap kamakailan ng Tanggapan ng Punong Lalawigan ang anim (6) na kahon ng *family emergency medicine kit* mula sa *Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO)*, bilang tugon sa kahilingan ni Gob. Edgardo A. Tallado na mabigyan ng gamot para maipamahagi sa mga mahihirap na pasyente sa lalawigan.

Ang bawat kahon ay naglalaman ng 65 *emergency medicine packs* kung saan bawat isang pakete ay mayroong tig-10 tableta ng *Paracetamol (500 mg.)*; 10 kapsula ng *Loperamide (2 mg.)*; 10 tableta ng *Mefenamic Acid (500 mg.)*, at 1 botelya ng *Paracetamol (250 mg/5mL-60 mL suspension)*. Kailangang magdala ng reseta na inisyu ng lisensyadong doctor ang mga nais mabigyan nito.

Sa ilalim ng *Certificate of Acceptance*, ang mga donasyong gamot ay dapat gamitin para lamang sa mga *health* at *medical related activities* gaya ng *medical mission* sa loob ng *multi-services caravan*. Kailangan din nitong isama ang pangalan ng *PCSO* sa mga patalastas bago at habang nagsasagawa ito ng programang pangkalusugan.

Bukod dito, tungkulin din ng *Office of the Governor (G.O.)* na magsumite ng *consumption report* sa *PCSCO Cam. Norte Branch Office*, limang (5) araw pagkatapos ng *health and medical-related activities* nito na hindi lalampas sa isang (1) buwan matapos nitong matanggap ang donasyong gamot. Ipinaunawa ng *PCSO* na ginagawa nila ito para matasa kung epektibo at mahusay ang kanilang programa. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Kalagayan ng mga health facilities at services pinag-uusapan ng Prov'l Local Health Board



Tinatalakay ni *DOH Region V Director* Gloria J. Balboa sa Provl. Local Health Board ng Camarines Norte na pinamumunuan ni Gov. Edgardo A. Tallado ang mataas na *maternal mortality rate* sa Camarines Norte at kanyang inilahad ang 15-month strategic plan ng DOH na tumutugma sa plano ng administrasyon ni Gob. Tallado na mapababa ang bilang hanggang 2016.

Ang *Provincial Local Health Board (PLHB)* na pinamumunuan ni Gob. Edgardo A. Tallado bilang *PLHB Chairman* ay nagsagawa ng pulong sa kanyang tanggapan noong Oktubre 10.

Dumalo rito si *Regional Director* Gloria J. Balboa ng *Department of Health Regional Office 5 (DOH RO5.* Ipinahayag niya ang kanyang pasasalamat sa gobernador sa imbitasyon nito na para sa kanilang tanggapan ay isang pagkakataon na maiparamdam nila na abot-kamay ang kanilang serbisyo.

Ipinabatid ni Dir. Balboa ang mataas na *maternal mortality rate* sa Camarines Norte at muli ay nagpasalamat siya sa gobernador sa mga ibinahagi nitong plano upang at pag-usapan ito sa pagpupulong na ito.

Hinikayat ni Dir. Balboa ang aktibong partisipasyon ng mga *local government units* at mga barangay upang maresolbahan ang mataas ng bilang ng namamatay sa panganganak.

Sa pagtalakay naman sa *Blood Program* sa Camarines Norte, nabatid na may mga bayan na hindi nagsasagawa ng mass blood donation at ang kawalan ng maayos na higaan para sa nagkakaloob ng dugo. Hiniling ni Gob. Tallado kay Dir. Iraola na pagkalooban ng 2 higaan ang bawat bayan gayon din ang Camarines Norte at positibo naman ang tugon ni Dir. Balboa.

Ilan pa sa pinag-usapan sa pagpupulong ay ang *Status of Health Facilities; Coverage and Accomplishment* ng *Measles Rubella-Oral Polio Vaccine (MR-OPV)* at ang *Family Planning Program.* ***JING ARRIOLA CALIMLIM/ LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Cash incentives naghihintay...

***(Mula sa pahina 1)***

*grantees* na sina Christopher Lumapag at Gemmalyn A. Ventura na *electrical engineers* na ngayon gayundin sina: Jayna Liza P. Bembinuto; Jorick Jade Baleza; Joan J. Belardo; Romer T. Berdin; Jonas M. Dipasupil; Jocelyn D. Eboña; Ericson C. Morales; Hazel Anne G. Sureta, at Leo Greg D. Villasanta.

Sa Registered *Master Electrician (RME) Licensure Examination 2014*, pasok naman sa *top 10* ang 5 mag-aaral mula sa *CNSC* partikular na ang *CNPGCEAP grantee* na si Darell Daz Chang na nakuha ang *6th place*. Kabilang dito si Ron Ron Malaluan Dela Cruz na nasungkit ang *5th place*; Mark Dave Aguilat Pepito at Leo Agustin Palapar Vela *-9th place*, at Daniel Paderon Babagay - *10th place.*

Sa regular na sesyon ng Sangguniang Panlalawigan (SP) noong Okt. 8, 2014, sila ay pare-parehong pinagkalooban ng *certificate of commendation.*

Maliban dito, ang 3 *CNPGCEAP grantees* na sina Jay Camus, Donita Abunio Nolo at Joana Rose Freyra Bernandino na nakapasa sa *Registered Master Electrician Licensure Board Examination* ay pinagkalooban naman ni Gob. Edgardo A. Tallado ng *certificate of commendation* sa isang programang idinaos noong Oktubre 2014. Ang 11 pang *CNSC graduates* na *registered master electricians* na ay sina Edward Balce Caña, Meljohn Latiza, Ryan Pelo Dolor, Joseph Sta. Ana, Joy Gumabao, Nicajane Acal De Leon, Michael John Abiera, Jaycer Dolera Timbalopez, Exequel Zuniga, Francis Maderal at Rouie Mae Buluran.

Sa ilalim ng ordinansa, ang makakukuha ng unang pwesto sa alinmang *board licensure examination* ay bibigyan ng *cash incentives* na P10,000.00; at P5,000.00 naman para sa makapag-uuwi ng ikalawa hanggang ika-sampung pwesto.

Ginawa ng SP ang naturang ordinansa na pinagtibay ng punong lalawigan sa harap ng sunud-sunod na matagumpay na pagpasa sa *board exams* ng mga nagtapos mula sa mga lokal na kolehiyo sa lalawigan gayundin ang maraming kababayan natin na nakatatanggap ng parangal mula sa mga *national* at *international competitions*. Ito ay bilang pagkilala sa karangalang ibinibigay nila sa ating Probinsya ng Camarines Norte gayundin sa pagiging inspirasyon at huwaran nila sa lahat ng CamNorteño para magsikap na magtagumpay sa kani-kanilang larangan. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JING ARRIOLA-CALIMLIM***

## Secretary Alcala...

***(Mula sa pahina 1)***

para mapayabong ang *Agri-Pinoy Trading Center (APTC)* na isa sa 6 na *APTCs* sa bansa na kanyang personal na sinusubaybayan. Sinabi ng kalihim na muli't-muli siyang babalik dito sa lalawigan upang siguruhin na ang operasyon dito ng *APTC* ay maging mabunga.

Kailangan daw ay makipagpalitan ang ating lalawigan ng produkto. Kailangan daw na maengganyong pumunta rito ang galing sa ibang lugar para mamili kaya dapat na laging may kalakal sa *APTC*, sabi pa ni *Sec.* Alcala.

Tulad ng nauna niyang pagdalaw dito, may dala muling pondo para sa mga proyektong ipinatutupad ng pamahalaang probinsyal ang kalihim. Isa sa tsekeng ipinagkaloob niya ay para sa *1st tranche* ng *concreting* ng Salvacion, San Lorenzo Ruiz sa ilalim ng DA-PAMANA 2014 *Project*.

Ilang tseke pa ang ipinagkaloob para naman sa *2nd tranche* ng proyektong *establishment of organic trading post* at *various farm to market roads*. Dala rin niya ang isang *4-wheel hand tractor* bilang tugon sa kahilingan ng pamahalaang panlalawigan para sa karagdagang *farm machineries*. Bukod pa ito sa iba pang *farm inputs* na pina-*raffle* sa mga magsasaka tulad ng 20 *sprayers*, 2 *hand tractors with tiller*, *power tiller* pati na kalabaw at araro.

Kahit gabi na ay sinadya pa rin ni *Sec.* Alcala, kasama si *DA Regional Director Engr.* Abelardo R. Bragas at Gob. Tallado at iba pa, ang *Benavidez Farm* sa Brgy. Sto. Domingo, Vinzonsn na pag-aari ni Rodolfo Benavidez na isa sa nahirang kamakailan bilang *outstanding farmer* ng Pilipinas.

Doon ay tiningnan nila ang interbensyon na

***(Sundan sa pahina 6)***

# Reporma sa CNPH nagpapatuloy, magandang pasilidad at pag-uugali, dapat makita ng publiko



*CNPH MEDICAL SPECIALISTS/OFFICERS*– Sina 1. Dr. Yolanda Reyes 2. Dr. Victoria delos Santos 3. Dr. Emmanuel Enesio 4. Dr. Glenn del Pilar 5. Dr. Ramon Echano Jr. 6. Dr. Marissa Obal 7. Dr. Rachel Elep 8. Dr. Liborio Ferrer 9.Dr. Monica Cereno-Balce 10. Dr. Gemma Palafox-Carlos 11. Dr. Harold Mejia 12. Dr. Rene Zaño 13. Dr. Jesus delos Santos 14. Dr. Edmundo Dizon 15. Dr. Molave Tabanao 16.Dr. Edgar Villanueva 17. Dr. Paul Palencia 18. Dr. Giovanni Carlos 19. Dr. Philip Palencia 20. Dr. Lamberto Manuel 21. Dr. Amando Ferrer at 22. Dr. Antonio Dee kasama nina *(nasa unang linya)* Sina Board Member Renee Herrera, Vice Gov. Jonah Pimentel, Gov. Egay Tallado, Acting Prov'l. Health Officer Dr. Myrna Rojas at Provl. Administrator Joey Boma,



*Flag raising ceremony at CNPH, October 20, 2014* - ipinababatid ni Gob. Edgardo A. Tallado sa mga kawani ng ospital ang kanyang direktiba kay Dr. Myrna Rojas, Acting Prov'l. Health Officer *(nasa kanyang tabi)* na ayusin ang ospital kasama ang pag-uugali ng mga empleyado. Sabi pa niya ay mananagot sa kanya si Dr. Rojas kapag hindi niya napasunod ng maayos ang mga empleyado ng CNPH.



Ang mga kawani (non– medical staff) ng Camarines Norte Provincial Hospital



Ang mga dentist at iba pang medical staff ng CNPH kasama sina Gob. Tallado

Dibdiban ang nais na reporma ni Gob. Edgardo A. Tallado sa mga hospital ng pamahalaang panlalawigan kaya madalas ay may mga sorpresa siyang pagbisita sa Camarines Norte Provincial Hospital at pakikipagpulong sa pamahalaan nito.

Nitong Oktubre ay muli na naman siyang dumalo sa flag raising ceremony sa CNPH upang ipaalalang muli ang kanyang mga tagubilin. Bago magtapos ang kanyang mensahe ay nasabi pa niya na" Ako po ay may pinagdadaanan, dapat wala ako ngayon dito sa oras na ito" Ngunit dahil naipahayag ni Gob. Tallado noong Byernes na siya ay dadalo kaya tumupad siya sa nasabi niya.

Una niyang ipinabatid niya ang sinabi niya kay Dr. Myrna Rojas na ayusin ang ospital at mananagot ito sa kanya kapag hindi ito natupad. Nabatid din mula sa kanya na binigyan din niya si Dr. Rojas ng *full authority* na magbigay ng *disciplinary action* sa empleyado kung magiging pasaway. Sinabi pa niya na bukas ang kanyang tanggapan sa mga nag-aalangan na kwalipikado sa isang posisyon at hindi maibigay sa kanila. Ayon sa kanya ay *fair* siya sa lahat na kahit hindi bumoto sa kanya ay may pagkakataon. Ang sa kanya ay kung ano ang makakabuti sa ospital ay yaon ang gagawin nila pare-pareho.

Kasunod naman niyang binanggit ang mga magandang balita na ikinatuwa ng lahat. Una ay ang pagkakaloob ng *extra cash gift* na P20,000 sa mga *permanent at casual employees* at pati *job order workers* ay mayroon ding P7,000.

Lalo silang natuwa nang ipabatid ng gobernador ang pinakahihintay nila tungkol sa share nila sa Philhealth na napakalaki lalo na ang mga doktor na tatanggap para sa March hanggang July ng P97,000. Yung mga *non-medical workers* ay may P14,000, sa kaunaunang pagkakataon. Ngayon naman ay may *share* na din ang *job order workers* na may P2,500 sa isang *quarter* na bagamat maliit ay umpisa pa lamang ito.

Sinabi niya na "ito ay mga *motivation* namin sa inyo kaya wala nang dahilan pa para hindi ninyo ayusin ang trabaho niyo. Ang mga taga-kapitolyo ay walang ganitong benefits. Kaya inaasahan ko ang inyong kooperasyon. Walang dahilan na hindi kayo sumunod kay Dr. Rojas dahil siya at ako ay hands-on sa ospital lalo na ako. Ako lang ang nakita ninyong gobernador na dumadalaw dito kahit gabi. Puro sorpresa ang pagpunta ko dito , kahit si Dr. Rojas ay hindi niya alam"

"Sana umpisa sa araw na ito, ay ito na talaga ang umpisa ng ating pagsama-sama. "Hindi ako *forever* gobernador ng Camarines Norte kaya habang ako ang nakaupo ay gagawin ko ang lahat. Ang lahat hindi lamang sa ospital kundi sa buong Camarines Norte". Nakita ninyo naman ang tunay pagbabago sa Camarines Norte, hindi sa salita kundi sa gawa". Pagkatapos ay isa-isa niyang binigkas ang magaganda niyang programa at proyekto. Tanong pa niya "Nangyari po ba ito ng mga nakaraang administrasyon?"

Idinagdag pa niya na datirati kapag ang isang pasyenteng ay 50/50 ang kondisyon at dinala dito kadalasan ay natutuluyan dahil walang gamot at hindi maayos ang mga

(Sundan sa pahina 2)


Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*

Rikki M. Vito, *Communications Liaison*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM

**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,

**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula

**PHOTOGRAPHER**:
Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION**:
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua
Aries Balbas

**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

# Mga piling larawan



***VISIT AT OUTSTANDING FARMER FARM***– kahit gabi na ay dinayo pa rin si Sec. Alcala sa masugid na paanyaya ni Gob. Tallado na makita nito ang sakahan ng Outstanding farmer na si G. Rodolfo Benavidez na nakikiisa sa APTC. (*from right to left*– Sec. Procy Alcala, G. Benavidez, Gov. Edgardo A. Tallado at DA Reg'l. Dir. Abelardo Bragas



***DIALOGUE AT SAN JOSE***—nakipagdayalogo rin sa mga magsasaka sa Barangay San Jose, Talisay si Sec. Alcala at Gob. Tallado. Isang pribadong sakahan doon ay siyang pinakamalaking *supplier* ng produkto sa *APTC.* Sa larawan ay kasama nila Sec. Alcala ang mga opisyales brgy sa pamumuno ni Neonita B. Magana



**NEW FARM INPUT**– ang kahilingan na pamahalaang panlalawigan kamakailan lang na bagong tractor ay dala na rin agad ni Sec. Alcala ng muli siyang nagtungo dito sa APTC

## 2014 CHILDREN'S MONTH CELEBRATION—Awarding of CHILD FRIENDLY BARANGAYS , atbp




***Most Child Friendly Barangay,* GUBAT, DAET, Camarines Norte**—kasama ang kanyang mga katuwang tinanggap ni Punong Barangay Nestor B. Dacillo ang tropeo at pinalaking tseke na simbolo ng pabuyang P100,000.00 para sa kanilang panalo.



ANGELIC VOICE -Sina Angel Aspe, Rhian Maranan & EJ Velasco, mga grade I pupils ng Daet Elem.Sch sa song rendition sa patnubay ng Fernandes Music Studio Music Talents na taon-taon ay nakikiisa sa Childrens' Month Celebration ng pamalaang probinsiyal.



Si Sheena B. Rosas, Exemplary Child ng 4Ps, kasama si G. Benedict Ella na exemplary youth leader noong kanyang kabataan.



**DEL ROSARIO, MERCEDES 2ND PLACE with trophy & P50,000.00**—(*fr left to right*—Provl. Administrator Joey Boma, DILG Prov'l. Dir. Edwin Garcia, Punong Brgy. Lolita A. Echano at kanyang kasamang guro, panauhin na si Benedict Ella at Acting PSWDO Cynthia dela Cruz




**Huwarang Pamilya**—masayang tinanggap ng **Salinas Family** ng Barangay Camambugan, Daet ang pagkilalang tinanggap nila bilang Provincial Winner sa Search for Huwarang Pamilya ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps)




**KABULUAN, STA. ELENA is 3RD PLACE with trophy & P30,000.00**- Kasama ang buong konseho at iba pang katuwang ng kanilang barangay, tinanggap ni Punong Brgy. Edgardo N. De Guzman ang kanilang premyo





Dumalaw muna sa tanggapan ni Gob. Tallado ang mga day care pupils ng buong probinsiya na mga naka-costume pa kasama ang mga day care workers bago sila tumuloy sa Agro-Sports Center para sa Prov'l. Children's Congress noong Oct. 31

# Wala ng kumpitensya sa travel mart dahil sa triple c alliance

MALAKI ang naging pakinabang ng Camarines Norte sa ginanap na *Philippine Travel Mart* noong Setyembre 5-7, 2014 sa *SMX Convention Center* sa *Mall of Asia*, Pasay *City* para sa pagsusulong ng programang panturismo nito.

Bagama't nakakapagod ang mangasiwa sa pwesto ng Camarines Norte dahil sa dami ng taong bumisita rito sa naturang eksibit, sulit ang kanilang pagod dahil naging matagumpay ang promosyon nila sa mga *tourist destinations* sa lalawigan, pahayag ni *Atty.* Debbie Francisco, ang *Provincial Tourism Operations Officer* ng Camarines Norte.

"Dahil sa binuong *Triple C Alliance* ay hindi na natin kakumpitensya ang ibang lalawigan sa Bicol na nasa *tourism corridor*," ayon kay Atty. Francisco. "Ngayon ay kasamahan na natin sila sa promosyon ng ating probinsya at malaking tulong ito para sa ating *tourism program*," dagdag pa niya.

Ang *Triple C Alliance* ay binubuo ng mga lalawigan ng **C**amarines Norte, **C**amarines Sur, at **C**atanduanes.

Sanhi ng alyansang ito, lumaki ang oportunidad sa higit na pag-unlad ng industriya ng turismo sa Camarines Norte dahil katulong na natin ang Camarines Sur at Catanduanes sa ating *tourism promotion activities* at ganun din naman ang ginagawa natin para sa kanila. Pati sa pagpapalimbag ng mga *travel brochures* kabakas din natin sila sa gastos," dagdag pa ni *Atty.* Francisco.

Sa madaling salita, sila'y hindi kakumpitensya - sila'y kasamahan at katulong na natin sa pagpapaunlad ng *tourism industry* sa buong Kabikulan.




Ang 25th *Philippine Travel Mart* ay itinaguyod ng *Philippine Tourism Operators Association (PhilTOA)* at sinuportahan ng *Department of Tourism (DOT)*. Sinamantala ito ng *DOT Region 5* at itinampok ang *Triple C Alliance* na itinuturing na *Gems of the Pacific*. ***(RMVito/PIO-Media Liaison)***

## sakripisyo ng...

*(Mula sa pahina 7)*

lawigan sa paglulunsad nito ng bagong programang pang-edukasyon na *PG LIFE-ALS* kung saan lubhang kailangan ang serbisyo ng mga *ALS Mobile Teachers*. Ang *LIFE-ALS* ay tumitindig sa mga salitang ***L****eading* ***I****ntervention* ***F****or* ***E****ducation thru* ***Al****ternative* ***L****earning* ***S****ystem* na magsisimula sa 2015 ngunit ang pagsasanay ng mga *Institutional Managers* at *Literacy Facilitators* ay isinagawa na noong Okt. 27-31, 2014. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

## Secretary Alcala...

*(Mula sa pahina 3)*

isinagawa roon ng pamahalaan. Ito ay ang konstruksyon ng isang *"green house"* sa pagtutulungan ng *Department of Agriculture* at *Provincial Government*. Mula roon ay samasama silang nagtungo sa Brgy. San Jose sa bayan ng Talisay; sa isa pang pribadong sakahan na siyang pinakamalaking *supplier* ng produkto sa *APTC*. Sila rin ay nakipagdayalogo sa mga magsasaka sa lugar. ***JING A. CALIMLIM***

# Titulong 'Zigzag Capital of the Phil.' nais ng SP sa Camarines Norte

Ang Probinsya ng Camarines Norte na may layong 300 kilometro mula sa Metro Manila at matatagpuan sa *northernmost part* ng Rehiyon 5 o Rehiyong Bikol ang tinaguriang '*Gateway to Bicolandia*'. Ito ay binubuo ng 60 kilometro nang kurbada, paliku-liko at matarik na daan ng Maharlika *Highway* na nasa loob ng teritoryo ng probinsya - ang nananatiling pinakamahabang *zigzag road* sa buong Pilipinas hanggang sa kasalukuyan.

Dahil dito, isinulong kamakailan nina Bise Gob. Jonah G. Pimentel, Bokal Pamela Pardo at Bokal Arthur Michael G. Canlas ang Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Blg. 158-2014 na humihiling sa Mababang Kapulungan na opisyal na maideklara ang Camarines Norte bilang '*Zigzag Capital of the Philippines*'. Ito ay sa pamamagitan ng dalawang kinatawan ng ating lalawigan.

Ang kahabaan ng Maharlika *Highway* na dating tinatawag na Manila *South Road* ay may kabuuang 579 *major* at *minor curves*. Nakakahilo, nakakapagod at delikado ang pagbibyahe sa lugar dahil nakakalito o *tricky curves* nito kahit pa sa mga bihasa nang magmaneho ng mga sasakyan. Gayun pa man, naaakit pa rin ang mga motorista sa magandang tanawin ng lugar mula sa itaas at ibabang bahagi ng may 60-kilometrong *zigzag road* kaya ang Camarines Norte ay patuloy pa ring dinarayo ng mga lokal at dayuhang turista bukod sa iba pang magagandang lugar dito tulad ng Calaguas *Island*.***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

## skills training...

*(Mula sa pahina 8)*

silang makapagtrabaho sa sandaling makapagtapos. Bukas din ito sa mga nakapagtapos na ng kolehiyo ngunit wala pa ring trabaho.

Matatandaan na noong Set. 26 ay may 100 *OSYs* ang nakapagtapos ng mga kursong bokasyonal mula sa *TESDA Provincial Training Center*, Brgy. Iberica, Labo kung saan si Gob. Tallado ang panauhing pandangal at tagapagsalita sa okasyon. Sa naturang bilang, tig-25 na *OSYs* ang nakapagtapos ng *Shielded Metal Arc Welding (SMAW)- NC I; Consumer Electronics Servicing (CES)-NC II; Automotive Servicing (AS)-NC I*, at *Electrical Installation and Maintenance (EIM)-NC II*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

## outstanding...

*(Mula sa pahina8)*

karangalang kanyang natamo na nagbigay karangalan sa Camarines Norte.

Sampung mahuhusay na guro sa sekondarya ang hinirang mula sa 42 finalists ngunit bago nakarating sa ganitong estado ay mahigpit na kumpetisyon ang dinaanan. Mula sa napakaraming pinagpilian ay pumili ng 312 guro at pumili mula rito ng 146 hanggang masusi nang sinuri ang 42 finalists. Hanggang sa mahirang ang 10 outstanding teachers: 4 mula sa secondary level kabilang si Dr. Ibis; 4 mula sa elementary level at 2 mula sa collegiate level. ***J.Calimlim***

# Labo Progressive Multi-Purpose Coop at Olivar, wagi sa Regional Gawad Saka Award 2014

Ang Labo *Progressive Multi-Purpose Cooperative (LPMPC)* ang tinanghal na *Outstanding Small Farmer/ Fisherfolk Organization* sa ilalim ng *Organization Category* na may kaakibat na premyong P50,000.00 sa isinagawang *2013 Regional Gawad Saka Award*.

Ang kooperatibang ito na nagsimula sa bayan ng Labo noong 1987 ay sumabak sa *agriculture business* na ang mga produkto ay *by-products* ng pinya at mayroong *savings and credit services* para sa mga kasapi. Sa kasalukuyan ay may sangay na ito sa Jose Panganiban.

Mula pa rin sa Camarines Norte, si G. Flor L. Olivar ng San Vicente ang nanalong *Outstanding Coconut Farmer* sa ilalim ng *Individual Category* na may premyong P30,000.00.

Iginawad sa *LPMPC* at kay Olivar ang kaukulang *plaque of recognition* sa *Bicol Farm Family Day & Awarding of Regional Gawad-Saka, Quality Corn and Organic Agriculture Achievers 2014* na idinaos noong Okt. 20 sa *Avenue Plaza Hotel*, Magsaysay *Avenue*, Naga *City*.

Ang tema ng okasyon na, *"Family Farming: Feeding the World, Caring for the Earth"* ay nabigyang-diin sa pamamagitan ng mga *Family Farming Contests and Pa-Raffle*. Anim na *farm families* mula rito sa Camarines Norte ang nanalo sa mga patimpalak na ito:

**Urukudan** – *1st place*, Olivar *Family* (Brgy. Calabagas, San Vicente)- P3,000.00, at *3rd place* - Baluzo *Family* (Brgy. 2, Daet) - P1,000.00;

**Dear Secretary Procy** – *1st place*, Baluzo *Family*, P3,000.00

**Slogan Contest** – *1st place* – Jose Balon Sr. *Family*, (Calabagas, San Vicente) - P3,000.00

**Juice-Making Contest** – *1st place* – Olivar *Family*, *gift pack - blender*, at *2nd place* – Aceron *Family*

**Videoke Challenge** – *1st place*, Kimberly Baluzo

**Magsasakang Henyo** – pamilya Nogales at Aceron, P1,500.00

**Paint Me A Picture** – pamilya Nogales at Aceron, *3rd place*, P1,500.00

**Salad Making** – Aceron *Family*, *2nd place*, *gift pack - oven*. ***LORENA DELA TORRE IBASCO/JING A.CALIMLIM***




Ang Queench pineapple juice ay isa sa produkto ng Labo Progressive Multi-Purpose Coop na kamakailan ay kinilala sa Gawad Saka Award. Itinanghal din na Outstanding Cooperative noong 2012 ang LPMPC

# inihahanda na mga magtuturo...

(Mula sa pahina 8)

*Division Office* Daet noong Okt. 20 hanggang Okt. 24. sa mahusay na patnubay ni Ricardo Tejeresas, *Education Program Supervisor II, DepEd.*

Dinaluhan ito ng 27 *instructional managers* at *literacy facilitators* kung saan tigda-dalawang kinatawan ang nagmula sa mga distrito ng Basud; Talisay; Labo *West*; Vinzons; Sta. Elena; Capalonga; Jose Panganiban East; Paracale; Jose Panganiban *West*; Mercedes, at San Vicente-San Lorenzo Ruiz; Labo *East* – 3, at *Bureau of Jail Management and Penology (BJMP)* – 2 o kabuuang 27 kalahok.

Ang programang PG-LIFE ALS o ***P****rovincial* ***G****overnment* ***L****eading* ***I****ntervention for* ***E****ducation thru* ***A****lternative* ***L****earning* ***S****ystem* ay isang bagong pang-edukasyong programa ni Gob. Edgardo A. Tallado. Ayon kay Jing Arriola Calimlim, Community Affairs Officer IV (CAO)/ Acting PIO, sa ilalim ng pamunuan ni Gob. Tallado ay tumaas ng higit sa doble ang badyet para sa iskolars sa kolehiyo. Magkakaroon din ng tulong pinansiyal sa mga mahihirap na kwalipikadong mag-aaral sa sekondarya. Dapat ding pagtuunan ng pansin ang mga *OSY* na hindi nakatapos ng *high school* at ayaw na o walang kakayahan para pumasok sa *formal schooling,* kaya ang PG-LIFE ALS ang tugon dito.

Nagbigay mensahe ng pakikiisa at suporta si *DepEd Schools Division Superintendent* Arnulfo M. Balane na sinabi pa na si Gob. Talllado ay katuwang ng DepEd sa mga programa nito. Ipinagmalaki din niya sa mga dumalo na ang DepEd Camarines Norte ang Most Supportive Division in ALS dahil sa mahusay na patnubay ni G. Carlito S. Olivar, DepEd *ALS Education Program Supervisor.* Si G. Olivar ay masigasig din na tumutulong sa PG LIFE ALS.

Layunin ng naturang 5-araw na pagsasanay na bigyan ng kaalaman at kasanayan ang mga bagong *ALS educators* sa kanilang pagtuturo sa mga barangay na magsisimula sa isang taon.

Sa kasalukuyan, ang mga nagsanay na IM/LF ay nagsasagawa na ng *mapping* o paghahanap sa mga OSY sa kanilang target barangays sa kanilang bayan. Matapos ito ay iiskedyul ang barangay na marami ang nagpahayag na OSY na nais nilang mag-aral sa ALS. Inaasahang sa pagsisimula ng 2015 ay magsisimula na ang klase sa ilang barangay.

Ihahanda na din ng CAO ang reproduksyon ng 54 *ALS Modules* na gagamitin sa pagtuturo sa mga benepisyaryo ng programa. Sa pamamagitan ng *ALS*, ang ambisyon na edukasyon ng ating mahihirap na mga kababayan ay mas abot-kamay na.

Ang *honorarium* ng mga IM/LF ay nilaanan din ng badyet ng gobernador na maaaring dagdagan pa ng barangay o munisipyo kung saan magkakaroon ng pa-klase ng ALS. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JING ARRIOLA-CALIMLIM***




Ipinaliliwanag ni Jing Arriola Calimlim, Community Affairs Officer IV (CAO)/Acting PIO ang programang PG-LIFE ALS o ***P****rovincial* ***G****overnment* ***L****eading* ***I****ntervention for* ***E****ducation thru* ***A****lternative* ***L****earning* ***S****ystem,* isang bagong programa para sa mga OSY

# Fishery Week 2014



Isinagawa noong Okt. 20-22, 2014 sa *Inner Court Yard* ng *Provincial Capitol Annex* ang serye ng *lecture demos* ukol sa paggawa ng mga produktong pagkain na ang pangunahing sangkap ay isda pati *seafoods* gaya ng relyenong bangus, *seaweed mango pie*, *seaweed pickles*, *tunapao* at *fish steaks*.

Kasabay nito, nagkaroon din ng *Tiangge sa FishCon* 2014 simula Okt. 20-23 kung saan itininda ang mga *fish food products* na gawa ng ating mga kababayan at produktong mula sa siyudad ng Tabaco .

Ang kambal na gawain ay bahagi ng panlalawigang selebrasyon natin sa Linggo ng Pangisdaan simula Okt. 19-25 na may temang, "Sektor ng mga Mangingisda Rehistrado at Kinikilala, Kabalikat sa Pagsulong ng Pangisdaang Masagana". Itinaguyod ito ni Gob. Edgardo A. Tallado bilang suporta sa *Provincial Fisherfolk Council of Leaders (PFCL)* na pinamumunuan ni *PFCL Chair* Ely A. Ramos.

Ang 1-linggong gawain dito ay kinapalooban ng distribusyon ng *tilapia fingerlings* sa mga kaukulang *local government units (LGUs); FARMC On Air* sa DWCN-FM Radyo ng Bayan at mga *lecture discussions* na isinagawa naman sa *SPACFI* sa Brgy. Camambugan, Daet ukol sa *Ecosystems Approach to Fisheries Management ; New Rules of Procedure on Environmental Cases and Policies Affecting Fisheries; Philippine Aquaculture Updates* at *Organic Aquaculture* ***.L T. IBASCO/Melinda jerez***

# Sakripisyo ng ALS Mobile Teachers kinikilala

Hindi biro ang sakripisyo ng 12 *Alternative Learning System (ALS) Mobile Teachers* sapagkat walang humpay at masigasig silang naghahatid ng intensibong *community-based training* para sa mga *out-of-school youth (OSYs)* at nakatatanda *(adults)* man na hindi nakapag-aral o makapag-aral dahil sa kahirapan o iba pang kadahilanan.

**Sobra sa serbisyo, kulang sa benepisyo** – iyan ang kalagayan ng mga *ALS mobile teachers* na mga ***'bagong bayani'*** ng ating bayan. Ngunit sa kabila nito, patuloy silang naghahatid ng *basic literacy skills* sa mga nais mag-aral na nasa mahihirap at malalayong lugar dito sa Camarines Norte na halos kulang at bihirang maabutan ng tulong at serbisyo ng ating pamahalaan.

Ang mga *ALS mobile teachers* na mga 'bayani' ng bayan na kinilala ng pamahalaang panlalawigan ay sina: 1) Dionida Z. Abogado – Basud *District*; 2) Cherry M. Macabuhay – Capalonga *District*; 3) Blesilda R. Panotes – Daet *North District*; 4) Liza D. Luntok – Daet *South District*; 5) Roselle T. Florido – Jose Panganiban *East District*; 6) Ramon I. Rasco – Labo *East District*; 7) Emelyn C. Brizuela – Labo *West District*; 8) Estrella V. Estrella – Mercedes *District*; 9) Melinda J. Elnar – Paracale *District*; 10) Jonathan F. Rosalinas – San Lorenzo/San Vicente *District*; 11) Nelson I. Bance – Sta. Elena *District*, at 12) Mila G. Osea – Talisay *District*.

Pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan ang Resolusyon Blg. 331-2014 na nagbibigay–komendasyon sa mga *ALS Mobile Teachers* ng *Department of Education (DepEd)* dahil sa aktibong dedikasyon nila sa pagtuturo sa mga nais makapagtapos ng elementarya at sekondarya.

Ang Resolution 331 ng Sanggunian ay pinagtibay ni Gob. Tallado na lubos ding kinikilala ang hirap at sakripisyo ng mga *ALS mobile teachers* na matiyagang nagpupunta sa bawat tahanan para matukoy ang bilang ng miyembro ng pamilya na hindi marunong magbasa na siya hahatiran ng edukasyon. Tunay na mahalaga ang serbisyo ng mga *ALS mobile teachers* upang magkaroon ng *basic literacy skills* ang mga *OSYs* at mga nakatatanda.

Sa katunayan, ang *DepEd-BALS (Bureau of Alternative Learning System)* ay makakatuwang ng pamahalaang panla-

(Sundan sa pahina 6)

# Elderly Filipino Week 2014

Pinatunayan ng mga nakatatanda mula sa 12 bayan ng ating probinsya na ang kanilang talento at potensyal sa pagkanta, pagsayaw, pagrampa sa entablado, atbp. ay hindi pa nagmamaliw, at ang kanilang talino at talas ng isipan ay hindi pa kinakalawang, ika nga. Ito ay sa loob ng *Provincial Congress for Senior Citizen*s noong Oktubre 1, 2014 na idinaos sa *Camarines Norte Agro-Sports Center* na hudyat sa pagsisimula ng *2014 Elderly Filipino Week Celebration* dito. Narito ang mga nagwagi sa mga patimpalak:

***CONTESTS' WINNERS***

***Festival Queen 2014,*** MELECIA C. GALERO-Paracale,

*Festival Queen (1st Runner-Up,* ANNABELLA CASTILLO, Capalonga,

*Festival Queen (2nd Runner-Up,)* LILIA QUIERRA, San Vicente,

*Festival Queen (3rd Runner-Up,)* ERLINDA TABLIZO, Mercedes,

***Best in Festival Headdress 2014,*** MELECIA C. GALERO, Paracale,

*Festival Headdress (1st R-Up,)* LEOPOLDO DEL PILAR, San Vicente,

*Festival Headdress (2nd R-Up,)*MILAGROS ESTRELLADO, Mercedes,

*Festival Headdress (3rd Runner-Up,)*RODOLDO CHAVEZ, Vinzons,

***Best in Sportswear (Male),*** RODOLFO JUEVES, Capalonga,

***Best in Sportswear (Female,)***ANNABELLA CASTILLO

***Best in Filipiniana 2014,*** EMMA ASIS, Labo, CN

***Best in Barong Tagalog 2014,*** RODOLFO JUEVES, Capalonga,

***BIGGEST DELEGATION,*** DIVINA OCO, Daet, CN

***MOST ACTIVE GROUP,*** URBANO LAGRIADA, Talisay,

**ACHIEVEMENT AWARD**

***Model Senior Citizens of Daet,*** DIVINA OCO, Daet,

***Model Senior Citizen of JPanganiban,*** RUBEN ESPAÑA,

***Senior Citizens Building of Paracale***

# Tourism Advisory

## Camarines posts a positive 20.55% growth rate



The Department of Tourism (DOT) Bicol said over the weekend that Albay has posted a very high 66.93 percent growth rate in tourist arrivals for the year 2013.

DOT Bicol Regional Director Maria "Nini" Ong-Ravanilla said Camarines Sur is still on top in numbers of tourist arrivals with a total of 1,562,877 arrivals this year, but dropped with negative 38.16% growth rate in tourist arrivals, compared with 2,527,159 in 2012.

Albay recorded a positive 66.93% growth rate after posting 874,458 tourist arrivals this year compared with 523,832 arrivals in 2012.

Sorsogon followed Albay with positive 46.18% growth rate in posting 233,981 tourist arrivals this year compared with 173,740 arrivals in 2012.

**Camarines Norte has a positive 20.55% growth rate with 230,157 tourist arrivals in 2013, compared to 190,918 arrivals last 2012;** Masbate had positive 12.80% growth rate with 199,263 arrivals; while Catanduanes posted a positive 2.18% growth rate with a total of 131,028 tourist arrivals this year.

Ravanilla stated that the tourist arrivals in Bicol dropped by 12.61% because of Camarines Sur's negative 38.16% growth rate in tourist arrivals. Bicol has recorded 3,251,764 tourist arrivals in 2013 while 3,720,845 arrivals in 2012.

She said international promotion through the shooting of popular TV series "Survivor" in Caramoan, continues to reel in tourists in the province.

"The process of recording tourist arrivals, a tourist should stay at least one night and that would be counted for one tourist arrival. If the tourist stayed for one week, it would be multiplied by 7, and you will get seven tourist arrivals," Ravanilla said.

Ravanilla also pointed out that Legazpi City has the highest foreign tourist arrivals in 2013 which recorded 263,544 arrivals compared to all provinces and cities in Bicol because of Albay's massive campaign and tourism promotions. NINO LUCES

***THERE WE GO***– Mula sa kinatatayuan ni Gob. Edgardo A. Tallado *at DOT Reg'l. Dir* Maria Ravanilla ay itatayo ang tulay na magdudugtong sa Bagasbas Daet sa San-Jose, Talisay at sa kabilang dulo nito ay isa pang tulay ang magdudugtong naman sa Daet at Mercedes. Ang Cory Aquino Blvd. sa Bagasbas shoreline ay isang proyektong turismo ni Gob. Tallado tungo sa pag-unlad at kakilanlan ng Cam.Norte.

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte
TAON 5, BLG. 6 DAET, CAMARINES NORTE OKTUBRE 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# Inihahanda na mga magtuturo sa OSY sa ilalim ng programang PG-LIFE ALS

Sasabak na naman sa isang bagong programang pang-edukasyon ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte katuwang ang *Department of Education (DepEd)* na magsisimula sa 2015 sa mga barangay na malayo sa mga paaralang sekondarya o di kaya ay may mataas na bilang ng *Out of School Youth.*

Bilang unang hakbang isinagawa na ang *5-day Community Basic Training for Literacy Facilitators and Instructional Managers sa Alternative Learning System (ALS) Conference,* DepEd

(Sundan sa pahina 7)




**COMMUNITY IMMERSION**—Nagtungo sa barangay Gahonon, Daet ang ng mga bagong Instructional Managers at Literacy Facilitators para sa *mapping of out of school youth* bilang bahagi ng kanilang *5 day training workshop* na isinagawa noong Oktubre 27-31, 2014. Ito ay paghahanda sa programang PG LIFE ALS na magsisimula sa 2015, isang bagong programa ng pamahalaang panlalawigan katuwang ang DepEd.

# Skills training for OSY tuloy-tuloy, may P 2 milyon muli mula sa TESDA

Dumating na ang P500,000.00 pondo mula sa *Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)* na bahagi pa lamang ng P2 milyong pondo na hiniling ni Gob. Edgardo A. Tallado mula kay *TESDA Sec.* Joel Villanueva ngayong 2014.

Noong isang taon ay napagkalooban din tayo ng *TESDA* ng P2M para sa kahalintulad na programa at muling binigyan ngayong taon dahil sa mahusay na implementasyon dito.

Ayon kay Ms. Nida Navarro Tosoc, *Project Devt. Officer IV* ng *Provincial Planning and Devt. Office (PPDO)* at tumatayong *Provincial PESO Manager*, sa paunang pondong limandaang libo piso, 120 *OSY beneficiaries* ang mabibigyan ng libreng *vocational/technical courses* na nakasentro lamang sa *Tour Guiding, Housekeeping* at *Food and Beverages Services.*

Ito ay tinatawag na *Training for Work Scholarship Program* sapagkat maaari na

(Sundan sa pahina 6)



**WORK for OSY**- *Si Conrado E. Maraan Jr, TESDA Provincial Director at Gov. Edgardo A. Tallado sa pag-aabot ng diploma sa isa sa mga nagtapos sa skills training for OSY na isang regular na programang pinagtutulungang itaguyod ng dalawang nasabing pamunuan.*

# Outstanding teacher of the Philippines, nagtuturo sa Vinzons PHS




***THUMBS UP*** *– si Gov. Edgardo A. Tallado sa mahusay na gurong si Dr. Noel V. Ibis*

Isang public secondary school teacher na si Dr. Noel V. Ibis ng Vinzons Pilot High School ang isa sa nahirang na 10 Most Outstanding Teachers of the Philippines, isang taunang patimpalak ng Metrobank Foundation.

Kamakailan ay nag-courtesy call si Dr. Ibis sa tanggapan ni Gov. Edgardo A. Tallado para sa karangalang ito sa lalawigan ng Camarines Norte. Kinilala ng Pamahalaang Panlalawigan ang napakalaking karangalang sa pamamagitan ng isang SP Resolution No.380-2014 ng pagbati at pagkilala sa

(Sundan sa pahina 6)